# PARENT HELPER

ISANG PATNUBAY SA IKAUUNLAD NG MGA BATANG MUSMOS,
KAPANGANAKAN HANGGANG SA LIMANG TAONG GULANG

MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan • Sangay ng Pamamagitan sa Unang Yugto ng Pagkabata at Edukasyon

# KATULONG NG MAGULANG...
## Ang mga Serye

Ang Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland ay nilalathala ang mga serye sa mga aklat ng KATULONG NG MAGULANG na sumasaklaw sa ibat-ibang uri ng paghubog sa larangan ng kakayahan.

- ❒ AKLAT 1, Katulong ng Magulang: **MAIKLING PANANAW**
- ❒ AKLAT 2, Katulong ng Magulang: **PAKIKIPAG-USAP**
- ❒ AKLAT 3, Katulong ng Magulang: **KATALUSAN**
- ❒ AKLAT 4, Katulong ng Magulang: **PAKIKIPAGKAPWA**
- ❒ AKLAT 5, Katulong ng Magulang: **PAG-UNLAD NG MOTOR**

Para sa isang aklat o para sa buong serye ng KATULONG SA MAGULANG, tawagan ang Maryland State Department of Education, Division of Special Education/Early Intervention Services, Early Childhood Intervention and Education Branch 200 W. Baltimore Street, 9th floor, Baltimore, MD 21201; 410-767-0261 Voice; 1-800-535-0182 Toll Free; 410-333-8165 Fax.

PARENT HELPER (KATULONG NG MAGULANG), Karapatang Magpalathala (Copyright) 2000 ng Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland. Hinango sa MSDE Resource Manual: Handicapped Children, Birth Through Five, 1980, 1982. Lahat ng karapatan ay nakalaan (All rights reserved.)

# KATULONG NG MAGULANG

ISANG PATNUBAY SA IKAUUNLAD NG MGA BATANG MUSMOS, KAPANGANAKAN HANGGANG SA LIMANG TAONG GULANG

## Ang mga Nilalaman


Paunang Salita ........ 2

Disenyo ng Kaunlaran ........ 3

Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad ........ 3

Ang Proseso ng Pagtuklas ........ 9

Maaari Mong Tulungan ang Iyong Anak naMatuto ........ 10

Ang Unang Lugar ng Kaalaman ng Iyong Anak ........ 10

Mga Iminumungkahing mga Gawain –

Para sa mga Sanggol ........ 11

Kapag Handa nang Magsiyasat ........ 11

Kapag Handa nang Gamitin ang mga Kamay ........ 11

Pasiglahin ang Pag-unlad ng iyong Anak ........ 13

Halimbawa ng Maituturong mga Gawain ........ 14


Book Number 1

## Paunang Salita:
# Mga Serye sa mga Aklat ng KATULONG NG MAGULANG

Bilang magulang, ikaw ang pinakamahalagang nakakatanda sa buhay ng iyong anak. Malayo pa mang marating ng iyong anak ang gulang bago pumasok sa paaralan, siya ay matututo sa iyo. Matututo siya sa panonood sa iyo, pakikipaglaro sa iyo, at sa pag-aaruga mo sa kanya.

Binuo ang mga aklat sa KATULONG NG MAGULANG upang tulungan kang suportahan ang paglaki at pag-unlad ng iyong anak mula kapanganakan hanggang sa limang taong gulang. Ang bawat aklat ay naglalaman ng talangguhit sa Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad (Developmental Milestones chart) na magiging iyong gabay upang malaman mo ang kaunlaran ng iyong anak sa ibat ibang yugto. Ang bawat isa ay nag-aalay ng mga gawain at mga mungkahi para sa pagsuporta at pagpapasigla sa paghubog ng iyong anak sa pag-aaral at paggalugad. Bawat isa ay nagbibigay ng mungkahi sa pag-buo ng samahan sa maagang pag-aaruga at mga taga-pamahala ng edukasyon sa pagtulong sa iyong anak na marating ang hangganan ng kanyang kakayahan.

Marami sa mga mungkahi na matatagpuan sa mga libro ng KATULONG NG MAGULANG ay galing sa mga magulang. Ang iba ay matagumpay na ginamit ng mga tagapamahala. Habang ang mga hakbang ay iminumungkahi sa bawat antas, maaaring kakailanganin mong baguhin ang ibang mga gawain upang makamit ang pang-indibidwal na pangangailangan ng iyong anak.

Ikaw ang pinakaunang guro ng iyong anak. Sa paggamit ng kaalaman na matatagpuan sa mga aklat na KATULONG NG MAGULANG, umaasa na mamatyagan mo ang iyong anak sa kabuuang bagong pananaw at alalayan siya sa "pagdiskubre" sa mundo.

## Mula Dito hanggang Doon...
### Karaniwang Disenyo ng Pag-unlad sa mga Batang Musmos

Sa pamamaraan ng pag-unlad, ang bawat bagong kakayahan ay nabubuo mula sa kanyang natutunan na. Sa tatlong buwang edad, ang isang bata ay maaaring humiga sa kanyang likod at isipa ang mga paa ng paitaas. Sa siyam na buwan, ang batang ito ay maaring gumapang sa hapag sa pamamagitan ng kanyang tiyan. At bago dumating sa 24 buwang edad ang bata, maaari na siyang tumakbo sa buong kahabaan ng kuwarto na hindi natutumba.

Ang pagsipa, paggapang at pagtakbo – ang lahat ng ito ay kasangkot sa pag-unlad ng kabuuang motor (gross motor) – isa sa mga lugar ng kaunlaran sa sumusunod na talangguhit sa **Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad** sa KATULONG NG MAGULANG.

**Katalusan:** pag-alam, pag-iisip, kamalayan

**Pakikipag-usap:** paghahayag sa pamamagitan ng salita

**Kabuuang Motor (Gross Motor):** paghubog ng mga malalaking kalamnan (muscle)

**Pinong Motor (Fine Motor):** paghubog sa maliliit na kalamnan

**Tulong sa Sarili:** paggawa para sa sarili

**Pakikipagkapwa (Social):** pansariling kaalaman, pag-sagot sa iba

Ang mga talangguhit sa **Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad** ay nag-bibigay ng pangkaraniwang disenyo sa paglaki at pag-unlad ng mga batang musmos. Sa pagmamasid mo sa pag-unlad ng iyong anak, alalahanin na walang dalawang bata ang magkatulad na magkatulad, kaya ang iyong anak ay maaaring maiba ang pagkahubog at hindi katulad ng iminumungkahi dito.

| | |
|---|---|
| **Katalusan** | • Nakakakita sa isang bagay o tao<br>• Nakakasunod ang mata sa galaw ng mga kamay<br>• Nakakapagpakita ng positibong pagtugon sa kilalang ingay<br>• Nakakatugon sa bagong ingay na may kasamang galaw o ng boses |
| **Pakikipag-usap** | • Nakakagawa ng maliit na ingay galing sa lalamunan<br>• Nakakapagpahayag sa pagkurukutok (Coos), nakakapagbokalisa<br>• Nakakangiti sa boses ng ina<br>• Nakakatugon sa tinig ng isang magiliw na tao |
| **Kabuuang Motor** | • Nakakagulong mula sa tagiliran hanggang likuran<br>• Napapatayo niya ang kanyang ulo sa posisyong paitaas<br>• Nakakakumpas ang mga kamay at nakakasipa kung nakahiga sa kanyang likod<br>• Nakakalingon ang ulo sa magkabilang panig kapag ito ay nakahiga sa tiyan o likod |
| | • Nakakapanood sa galaw ng sariling mga kamay<br>• Nakakasulyap mula sa isang bagay papunta sa iba<br>• Nakakahawak ng bagay kapag inilagay sa kamay<br>• Nakakasunod sa galaw na pataas, pababa, at pakabila |
| **Pagtulong sa Sarili** | • Nagpapakita ng "gag reflex"<br>• Nagpapakita ng pagsusong "reflex"<br>• Naibubuka ang bunganga at nakakasuso sa bote/suso ng ina |
| **Pakikipagkapwa** | • Nakakatahan pag kinarga<br>• Natutuwa kapag kiniliti at hinahawak-hawakan<br>• Nagpapakita ng kagalakan kapag nilalaro<br>• Napapanatili ang madaliang pagtingin sa mata habang pinapasuso<br>• Nakakangiti ng kusa o sa pagtugon sa nakaugaliang ngiti, boses, o haplos |

# Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad

| | 3 hanggang 6 buwan | 6 hanggang 9 buwan |
|---|---|---|
| **Katalusan** | • Nakakakilala sa ina<br>• Nakakagaya ng kurukutok na tunog<br>• Nakakaulit sa galaw ng mga bagay<br>• Nakakahanap ang isang bagay na bahagyang nakatago<br>• Nakakatingin sa kamay at bagay kapag sumusunggab<br>• Nakakagalaw o nakakapag-ingay upang maipagpatuloy ang laro | • Nakakatugon sa kanyang pangalan<br>• Nakakakita sa bahagyang nakatagong laruan<br>• Nakakagaya sa mga madali at pangkaraniwang galaw katulad ng pag- alog ng laruan<br>• Nasusundan niya ang mga bagay na nawawala sa paningin |
| **Pakikipag-usap** | • Nag-iiba ang pag-iyak sa ibat-ibang pampasigla (stimuli)<br>• Nakakalingon sa paghahanap kung saan nanggagaling ang ingay at mga boses<br>• Nakakabokalisa sa mga disenyo ng tunog, nagsisimulang ngumawa<br>• Nakakatugon sa boses sa pag-iingay o paggalaw | • Nakakangiti kapag narinig ang boses ng ina<br>• Nakakapagpahayag sa pagkurukutok (Coos), nakakapagbokalisa<br>• Nakakagawa ng maliliit na ingay na galing sa lalamunan<br>• Nakakatugon sa tinig ng isang magiliw na tao |
| **Kabuuang Motor** | • Nakakagulong mula sa tiyan patalikod<br>• Naaabot ang mga paa at nailalapit sa bunganga<br>• Nakakatulak mula sahig pataas, naitataas ang ulo at dibdib<br>• Naitutuwid ang balakang, naitataas ang mga paa kapag nasa kanyang tiyan<br>• Naitutulak ang katawan upang maka-upo; nakakaupong mag-isa ng panandalian | • Naiaangat ang ulo habang nakatihaya<br>• Nakakagulong mula sa kanyang likod pabalik sa tiyan<br>• Nakakakarga ng pabigat habang nakatayo<br>• Nakakaupong walang suporta at nakakaabot ng mga laruan<br>• Napapanatili ang kanyang balanse sa mga kamay at mga tuhod<br>• Nakakagapang ng pasulong na gamit ang tiyan sa lapag |
| **Pinong Motor** | • Napapag-untog ang mga laruan<br>• Nakakagamit ng mga daliri at palad sa paghawak ng mga bagay<br>• Nakakahawak ng mga bagay na diretsa sa harap, gamit ang dalawang kamay | • Nakakapalakpak ang dalawang kamay<br>• Nakakahawak ng isang "cube" habang binibigyan ng isa pa<br>• Nakakagalaw ang galanggalangan (wrist) upang hawakan ang laruan o bagay<br>• Nakakahawak na gamit ang hinlalaki at gilid ng daliring panturo<br>• Nakakapaglipat ng mga bagay mula sa isang kamay hanggang sa kabila |
| **Pagtulong sa Sarili** | • Nakakakain ng pagkaing bata mula sa kutsara<br>• Nakakaabot at nakakahawak ng bote<br>• Nakakahula sa dating ng pagkain na mayroong dagdag na gawain | • Nahahawak-hawakan ang mga maliliit na pagkain (finger foods)<br>• Nakakapag-umpisang mag-nguya<br>• Nakakaabot at nakakahawak ng bote<br>• Nakakainom sa tasa na may tulong<br>• Nakakahawak, nakakakagat, at nakakanguya ng malalambot na pagkain |
| **Pakikipag-kapwa** | • Nakakakilala ng mga bagong mukha<br>• Nagugustuhan ang larong harutan<br>• Nakakatawa ng malakas at madalas<br>• Nakakapagpahiwatig ng kagalakan o kawalan nito<br>• Nakakalapit sa anino sa salamin<br>• Naiiyak kapag naiwang mag-isa o kapag inilapag<br>• Naipapakita ang kamalayan sa bagong kapaligiran | • Nakakapaglaro ng larong katulad ng "peek-a-boo"<br>• Nakakapaglaro sa sarili nitong anino sa salamin<br>• Nakakapaglarong mag-isa sa maiiksing panapanahon<br>• Nakakapagpahiwatig ng kasiyahan kapag nilaro<br>• Nakakapagpahiwatig ng hindi pagkagusto kapag tinanggal ang nakagawiang bagay<br>• Nakakaintindi at nakakasunod sa mga pakikipagkapwa katulad ng ngiti at mga tono ng boses |




3 hanggang 9 na buwan

| | 9 hanggang 12 buwan | 12 hanggang 18 buwan |
|---|---|---|
| **Katalusan** | • Nakakapaglaro ng madaling laro, katulad ng "pat-a-cake"<br>• Nakakakilos sa mga nakikitang mga laruan o mga bagay<br>• Nakakagalaw sa pag-abot sa gustong bagay<br>• Nakakatingin sa mga larawan sa aklat<br>• Nakakahipo ng tao o bagay upang magkaroon ng pagkilos | • Nakakapaglagay sa tama ng isang hugis sa isang pormang tabla<br>• Nakakagamit ng kasangkapan katulad ng patpat (stick) upang makuha ang bagay<br>• Nakakakilala ng mga hugis sa isang palaisipang (puzzle) tabla<br>• Nakakagaya ng mga bagong tunog at pagkilos<br>• Nakakagaya ng kahit isang galaw ng mukha<br>• Nakakapagturo sa isang bagay na nasabi o nagustuhan |
| **Pakikipag-usap** | • Nakakapaglaro ng "pat-a-cake"; Nakakapagkaway ng "bye-bye"<br>• Nakakagaya ng pag-ubo, pagpapatunog ng dila, paghalik ng malakas<br>• Nahihinto ang mga ginagawa upang makatugon ng "hindi"<br>• Nakakagaya sa mga sinasabi ng tao<br>• Nakakaintindi ng ilang mga salita at galaw<br>• Nakakagamit ng magulong pangungusap (jargon) o walang kahulugang monologo<br>• Nakakagaya ng mga bagong salita | • Naiiling ang ulo upang magsabi ng "hindi"<br>• Nakakagamit ng unang kusang loob (spontaneous) na mga salita<br>• Nakakagamit ng isang salita upang sabihin ang iniisp, katulad ng "gatas"<br>• Nakakasunod sa mga madaling iutos<br>• Nakakagawa ng mga hininging gawain |
| **Kabuuang Motor** | • Nakakagapang ng pasulong na gamit ang mga kamay at mga tuhod<br>• Nakakahilang patayo, na gamit ang suportang matatag<br>• Nakakaupo mula sa pagkakatayo na may kaalalay hanggang sa makapagsarili<br>• Nakakalakad na nakahawak sa kasangkapan<br>• Nakakalakad na may suporta<br>• Napag-iiwanan ang suporta at nakakatayong mag-isa | • Nakakagapang paakyat sa hagdan<br>• Nakakapaglakad na hindi humahawak sa mga kasangkapan<br>• Nakakagapang na patalikod at pagbaba sa hagdan<br>• Nakakatayong mag-isa sa gitna ng sahig<br>• Nakakapaglakad ng patalikod at patagilid<br>• Nakakaakyat sa hagdan na nakahawak ang isang kamay<br>• Nakakatayo ng sariling mag-isa |
| **Pinong Motor** | • Nakakagamit ng panturong (index) daliring mag-isa<br>• Nakakapagsulat sa papel gamit ang lapis at pangkulay (crayon)<br>• Nakakahawak sa mga bagay na gamit ang daliri at hinlalaki<br>• Nakakatusok ng mga bagay na gamit ang panturong daliri<br>• Nakakakalampag ng kutsara o tasa | • Nakakapaglagay ng "cubes" sa tasa<br>• Nakakagamit ng magkabilang kamay sa paggawa ng magkatulad na galaw<br>• Napapagpatungpatong ang mga bloke<br>• Nakakagawa ng torre sa pamamagitan ng tatlo o apat na "cubes" |
| **Tulong sa Sarili** | • Nakakahinto sa pag-iingay (drooling)<br>• Nakakadila sa pagkaing nakadikit sa kasangkapan o sa gilid-gilid ng bunganga<br>• Nakakapagsubo ng bahagyang pagkain<br>• Kadalasang pawala (wean) na sa pagsuso o sa bote<br>• Nakakainom mula sa tasa na may kaunting tulo ng tubig sa bibig | • Nakakakuha ng tasa at nakakainom<br>• Nakakasubo gamit ang kutsara na may kaunting natatapon<br>• Nakakapagtanggal ng simpleng damit kapag sinabihan<br>• Nakikipagtulungan sa pagsusuot ng damit sa pamamagitan ng kusang paggalaw ng mga kamay<br>• Nakakapagsabi kung ang lampin ay basa o may dumi |
| | • Nakakatawa ng malakas kapag nakikipaglaro sa matanda<br>• Nakakatugon sa mga pabago-bagong kalooban ng tao<br>• Nakakasagot ng panandaliang "hindi"<br>• Nakakapagpakita ng pagtangi sa isang laruan na higit sa iba | • Nakakagawa ng desisyon para sa sarili<br>• Nakakaulit sa kanyang mga ginawang tinawanan<br>• Nakakapagpakita ng lambing kapag ibinalik ang paghalik o pagyapos<br>• Naipapakita ang partikular na emosyong ugali katulad ng takot, kasiyahan at galit |



# Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad

| | 18 hanggang 24 buwan | 24 hanggang 36 buwan |
|---|---|---|
| **Katalusan** | • Nakakapaglagay ng tama sa tatlong uri ng hugis sa pormang tabla<br>• Nakakakilala ng mga bahagi sa kanyang katawan<br>• Nakakapakinig ng mga "nursery rhymes"<br>• Nakakapagturo ng mga larawan sa aklat kung siya ay tinatanong<br>• Nakakagaya ng mga tunog, mga salita, o mga galaw ng katawan<br>• Nakakahanap ng mga bagay na walang gaanong palatandaan<br>• Napapagana niyang mag-isa ang mga bagay-bagay | • Nakakapaglagay ng tama sa limang hugis sa isang pormang tabla<br>• Napagtutugma ang mga karaniwang bagay<br>• Nawiwili sa mga maiikling kwento at nakakapaglarawan ng mga madaling nakikita sa mga aklat na puno ng larawan<br>• Nakakapagpakita ng pag-ako sa paggamit ng mga katagang "akin ito" at "aking laruan"<br>• Namumukhaan niya ang kanyang sarili sa salamin |
| **Pakikipag-usap** | • Natutukoy niya ang sarili sa pagsasabi ng kanyang pangalan<br>• Nakakagamit ng dalawang salita sa paglalarawan ng mga ikinikilos<br>• Nakakasunod sa sinasabing gagawin<br>• Nakakagamit ng dalawang salitang pag-aari, katulad ng "sasakyan ng Daddy"<br>• Nakakagamit ng isang salita sa paglalarawan ng magkakatulad na mga bagay | • Nakakasali sa mga kanta at mga ritmo<br>• Nakakagamit ng kanyang unang pangalan; nakakapagsabi ng buong pangalan<br>• Nakakagamit ng tatlong hanay ng mga salita<br>• Nakakagamit ng salitang "hindi" sa tama at angkop na tono<br>• Nakakapagtanong na may angkop na tono<br>• Nakakasunod sa dalawang bahaging utos<br>• Nakakagamit ng regular na pangmaramihan (regular plural) |
| **Kabuuang Motor** | • Nagkakapaglakad pababa sa hagdanan na may kaalalay<br>• Nakakatalon sa isang lugar<br>• Nakakapagtulak/nakakahila ng isang magaang bagay<br>• Nakakaupo ng diretso sa maliit na upuan<br>• Nakakatakbo sa kahabaan ng silid na hindi natutumba<br>• Nakakatayo ng panandalian sa isang paa<br>• Nakakapulot ng laruan mula sa sahig kapag nakatayo | • Nakakaakyat at nakakababa sa hagdanan na nakahawak sa baranda<br>• Nakakatakbo, nakakatalon at nakakasipa ng bola na walang alalay<br>• Nakakapagtapon ng bola na paitaas<br>• Nakakasakay at nakakapedal sa bisekletang tatlo ang gulong<br>  • Nakakapagbalanse sa isang paa<br>  • Nakakaakyat sa hagdan na may alalay, nagsasasalitang mga paa |
| **Pinong Motor** | • Nakakagaya ng pahalang na guhit ng krayola<br>• Nakakapaglagay ng tatlong hugis sa isang pormang tabla<br>• Nakakagaya sa pagpapatong-patong ng apat na "cubes" na korteng torre<br>• Nakakapagbuklat ng mga pahina ng aklat na paisa-isa<br>• Nakakapaglarong mag-isa ng isang bagay na ginagamitan ng daliri at hinlalaki | • Nakakatuhog ng tatlo o apat na butil sa pisi<br>• Nakakagawa ng torre gawa sa siyam na bloke<br>• Nakakapag-umpisang humawak ng krayola na tama sa ayos<br>• Nakakagaya sa pag-guhit ng pahalang at patayong marka<br>• Nakakagupit o nakakagawa ng maliliit na hiwa sa paggamit ng hindi matalas na gunting<br>• Nakakabuo ng lima o higit pang mga piraso sa pormang tabla |
| **Tulong sa Sarili** | • Nakakapagbukas at nakakapagsara ng malaking "Zipper"<br>• Nakakasubok maglagay ng sapatos<br>• Nakakapagtanggal ng damit na walang alalay<br>• Nakakasubok magtago ng mga bagay na kilala<br>• Nakakapagtanggal ng balot sa pagkain katulad ng biskwit<br>• Napapatigil sa mga gawain upang magpahinga | • Nakakakuha ng sariling inumin<br>• Nakakagamit ng kutsara sa pagkain; nakakapagsimulang gumamit ng tinidor<br>• Nakakagamit ng inudoro na may nag-aalalay at paminsanminsan lamang may aksidente<br>• Naglalagay ng simpleng damit, katulad ng sombrero, pantalon, sapatos, at medyas, at sa kalaunan lahat ng damit; ngunit hindi pa sa butones<br>• Nakakapaghugas at nakakapagpatuyo ng mga kamay na may kasamang tulong<br>• Nakakapagsipilyo ng ngipin na may kasamang tulong |
| **Pakikipagkapwa** | • Umiiyak ng panandalian kung wala ang mga magulang<br>• Nakakapaglarong mag-isa sa higit na mahabang panahon<br>• Natutuwang sumasama sa tao sa maiiksing lakad<br>• Nakakapagpapakita ng matinding positibo at negatibong reaksiyon<br>• Nakakapagpakiata ng dagliang kabiguan<br>• Nakakapagpakita ng pagmamalaki sa kanyang nagawa<br>• Nakakapagbigay ng pansin sa ibang mga bata | • Napag-iiba ang kalooban sa naipapakitang reaksiyon sa iba<br>• Nakakapaglaro o nakakagawang mag-isa kapag malapit sa ibang mga bata<br>• Nakakapaglarong kusang mag-isa; nakakapaglaro ng mga madaling laro; nakakasubok maghintay sa kanyang oras<br>• Nagpapakasawa sa pakikipaglaro sa iba sa mga larong kunwari ay totoo<br>• Nanghihingi na basahan siya ng partikular na mga kwento<br>• Nakakaiwas sa mga sitwasyong nakakasakit |



18 hanggang 36 na buwan

# Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad

### 36 hanggang 48 buwan / 48 hanggang 60 buwan

## Katalusan

**36 hanggang 48 buwan**

- Napapagtugma ang dalawa o tatlong kulay
- Nalalaman ang mga konsepto katulad ng malaki/ maliit at mabilis/mabagal
- Nakakapagkwento ng madaling storya
- Napapagtugma ang mga larawan ng magkakahawig na bagay
- Nakakapagbilang hanggang tatlo
- Nalalaman ang pagkakaiba ng laki, timbang at haba

**48 hanggang 60 buwan**

- Alam kung ilang taon siya
- Alam niya ang pagkakaiba ng araw at gabi
- Napapagtugma ang mga pangalan ng apat na pangunahing mga kulay
- Nakakabilang ng 10 na bagay
- Nakakapag-ayos ng mga larawan sa bilang kung kailan nangyari
- Nakakasagot ng mga katanungan tungkol sa kwentong binasa sa kanya
- Nakakapagsabi ng tatlong bagay na nasa kanyang alaala

## Pakikipag-usap

**36 hanggang 48 buwan**

- Nakakagamit ng mga pangungusap ng madalas
- Nakakapagtanong ng mga katagang nagsisimula sa sino, ano, o saan
- Nakakagamit ng tamang kataga ng pag-angkin, katulad ng "sasakyan ni Mommy"
- Nakakagamit ng regular na pangnagdaang panahunan (past tense), mga pang-ukol (preposition) katulad ng "in", "on" at "under"
- Nakakagamit ng normal na lakas ng tunog at tono; Nakakabulong

**48 hanggang 60 buwan**

- Nakakahikayat ng pansin sa pagsasabi ng kanyang nagawa
- Nakakasunod ng tatlong sunod-sunod ngunit magkakaibang utos
- Kadalasang nakakagamit ng panghalip (pronouns), katulad ng "he" at "she"
- Kadalasang nakakagamit ng mapang-angkin na panghalip (possessive pronouns), katulad ng "mine"
- Nakakagamit ng pina-maiksing negatibo (contracted negatives), katulad ng "can't" at "don't"
- Nakakagamit ng mga pang-abay (adverbs)
- Nakakagamit ng panghinaharap na panahunan (future tense)

## Kabuuang Motor

**36 hanggang 48 buwan**

- Nakakasalo ng bolang tumalbog
- Nakakatalon ng pasulong na hindi natutumba
- Nakakatapon ng bola pataas
- Nakaka-akyat sa taas ng padulasan (slide) at nakakapagpadulas pababa
- Nakakalakad pababa sa hagdan na walang suporta, nagsasalinan ang mga paa

**48 hanggang 60 buwan**

- Nakakapagpakaskas (gallops)
- Nakakasipa ng gumugulong na bola papunta sa asintahan
  - Nakakalukso, nagsasalinan ang mga paa
  - Nakakalukso gamit ang isang paa
  - Nakakasalo ng bolang inihagis
  - Nakakapaglakad na gamit ang mga daliri ng paa (tiptoe) sa habang 10 talampakan



## Pinong Motor

**36 hanggang 48 buwan**

- Nakakatuhog ng mga hiwa-hiwalay na mga butil
- Nakakagaya ng bilog
- Nakakagunting sa sinusundang linya at tuluy-tuloy ang aksiyong pagbukas at pagsara
- Nakakapagtali ng sintas ng sapatos – maaaring wala sa disenyo
- Nakakabuo ng mga bagay na nangangailangan ng kunting galaw ng kalamnan

**48 hanggang 60 buwan**

- Nakakaguhit ng larawan
- Nakakaguhit ng mga karikaturang patpat (stick figures)
- Nakakapagpakita ng kagustuhang kamay
- Nakakagaya ng mga hugis (bilog, kwadrado, triangolo, rektangolo) mula sa mga halimbawa
- Nakakagupit ng bilog at iba pang mga madaling hugis

## Tulong sa Sarili

**36 hanggang 48 buwan**

- Nakakapagpunas ng mga basa (spills)
- Nakakagamit ng tinidor kapag kumakain
- Ganap ang kakayahang mag-isa sa paggamit ng inodoro
- Ganap ang kakayahang mag-isa sa pagpapalit ng damit kapag sinabi ang gagawin
- Nakakapaglagay at nakakapagtanggal ng mga malalaking butones
- Nakakapaghugas at nakakapagpatuyo ng mga kamay na malaya
- Nakakapagsipilyo ng ngipin kapag may pasabi

**48 hanggang 60 buwan**

- Nakakasinga sa ilong ng sarili
- Nakakapagsilbi ng sarili sa mesa mula sa mangkok na walang natatapon
- Nakakakaing maigi na gamit ang kutsara at tinidor
- Nananatiling tuyo na magdamag
- Nalalaman niya kung ano ang harap at likod ng damit
- Nakakapaglaro sa labas na may nagbabantay ng panapanahon
- Nakakapagsabit ng diyaket sa sabitan

## Pakikipagkapwa

**36 hanggang 48 buwan**

- Nakakapagpasimula ng laro sa grupo at nananatiling nakikipaglaro
- Nakakapagbahagi ng mga laruan kapag iminungkahi
- Nakakagawa ng madaling mga bilin
- Nakakapaglaro ng matiwasay sa ibang mga bata
- Sadyang nakakakilala sa kanyang mga magulang
- Nakakapagpakita ng pagka-awa at pagmamalasakit, kapag ito ay angkop
- Ikinatutuwa nito ang pagtulong at paglahok

**48 hanggang 60 buwan**

- Nakakatawag pansin ang kanyang sariling paggawa
- Nakakagamit ng pakikipagkawang mga tugon, katulad ng "please" at "thank you", naitataas ang kamay at nakakapila
- Higit na gusto ang makasama ang kababata niya kaysa mga matatanda
- Nakakapagkwento tungkol sa pamilya
- Nakakapagtimpi ng damdamin at nakakapaghayag sa maayos na paraan

36 hanggang 60 na buwan

hang-gang 60 buwan

### Katalusan

- Napagtutugma ang grupo ng mga bagay sa bilang, isa hanggang 10
- Napapagsunod-sunod ang hanggang limang gawaing araw-araw
- Nakakapagbigay ng direksiyon ng tirahan
- Nalalaman ang kaliwa sa kanan

### Pakikipag-usap

- Nakakapagsabi ng kwento sa pamamagitan ng pagbibigay buhay sa mga larawan
- Nakakapagtanong kung ano ang kahulugan ng mahirap intidihing mga salita (abstract words)
- Nakakapagsalita ng mahusay at tama, ngunit nalilito pa rin sa "s", "f" at "th"

### Kabuuang Motor

- Nakakalukso sa lubid
- Nakakagulong sa isketing (Roller skates)
- Nakakalukso ng dalawa hanggang tatlong yardang pasulong sa bawat paa na magkahiwalay
- Nakakalukso mula sa daliri ng paa (toes) hanggang sa 12 talampakang lalapagan
- Nakakatakbo na umiindayog ang mga kamay na kasalungat ang mga paa

### Pinong Motor

- Nakakapagsulat ng malalaking letra at madaling mga salita ngunit madalas na mabaliktad nito
- Nakakagamit ng wastong kamay habang gumugunting at sumusulat
- Nakakapagtali ng sintas ng kanyang sapatos
- Nakakapagsulat ng mga bilang mula 1 hanggang 5

### Tulong sa Sarili

- Nakakapagsipilyo at nakakapagsuklay ng buhok na walang tulong
- Nakakapagtabi ng mga laruan sa kahon
- Nagkakapagpalit at nakakapaghubad ng damit na walang tulong
- Nakakatawid ng ligtas sa kalsada

### Pakikipagkapwa

- Nakakapag-aliw ng mga kalaro kapag sila ay nagigipit
- Nakakapagplano at nakakagawa ng mabuti
- Nakakaintindi na kailangan ang mga patakaran at makatarungang laro




## Para sa mga Batang may mga Kapansanan... Ang Maliit na Karagdagan ay Malayo ang Mararating

Kung sa iyong paniniwala ay nagdaranas ng kahirapan ang iyong sanggol o ang iyong anak sa anumang lugar ng pag-unlad, ang maagang pamamagitan at serbisyo para sa "preschool" ay makukuha. Ang mga serbisyo para sa maagang pamamagitan at "preschool" ay ginawa upang tumulong mapabuti ang kakayahan ng iyong anak sa pag-sulong at pag-unlad bago ito dumating sa gulang para pumasok sa paaralan.

Para sa impormasyon sa maagang pamamagitan at mga serbisyo sa "preschool", tumawag sa Kagawarang ng Edukasyon sa Estado ng Maryland/ Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan, Sangay ng Pamamagitan sa Unang Yugto ng Pagkabata at Edukasyon.

At palaging iisipin na habang ang bawat bata ay nangangailangan ng pasensiya at suporta sa paglaki at pag-aaral, ang mga batang may kapansanan ay maaaring mangangailangan ng kaunting karagdagan pang atensiyon. Mga magulang, mga guro, mga terapewtika at iba pa ay kailangang magtulungan bilang isang pangkat upang maibigay ang pagmamahal at suportang kailangan para sa panghabang-buhay na pag-aaral.



## Ang Proseso ng Pagtuklas...
### Kung Papaano Natututo ang mga Bata

**Pagsisiyasat.**
Napag-aaralan ng mga bata ang mundo sa pamamagitan ng pagtuklas. Sila ay gumagalaw sa pagtuklas at pagdiskubre ng mga bagong mukha, mga lugar at mga bagay-bagay.

**Paghipo. Pagtikim. Pag-amoy. Pag-dinig. Pag-tingin.**
Nararanasan ng mga bata ang mundo sa pamamagitan ng kanilang pagdama. Nakaka-amoy sila ng matamis na banilya (vanilla), nakakalasa ng maalat na biskuwit, nakakahipo ng malambot na pusa, nakakapakinig ng malakas na ugong, at nakakakita ng matingkad na kulay ng laso.

**Pag-eksperimento**
Natututo ang mga bata sa pag-eksperimento sa mga bagong pag-iisip at sa pamamagitan ng "trial and error". Sila ay nag-eeksperimento sa paggamit ng isang partikular na bagay sa ibat ibang pamamaraan. Halimbawa, ang isang bata ay maaari niyang pagpatungpatungin ang mga bloke, itulak ito sa sahig katulad ng laruang tren, o pag-untugin silang parang pompyang (cymbals). Maaari niyang malaman na ang bloke ay higit na magandang laruang tren kaysa sa isang instrumentong musikal.

**Pag-gaya**
Natututo ang mga bata kapag nanunuod sila at ginagaya ang iba. Nakakagawa sila ng bagong kakayahan sa pag-obserba muna sa iba saka gagayahin ang kilos na kanilang nakita. Ang pag-ulit sa ginagayang kilos ay humahantong sa kasanayan.

**Paglalaro!**
Sa pamamagitan ng laro, natututo ang mga bata kung paano gumagana ang mga bagay-bagay, kung paano lutasin ang mga problema at kung paano nila mapapagana ang mga bagay-bagay – lahat ng ito habang nagkakaroon ng kasiyahan!

# Maaari Mong Tulungan ang Iyong Anak na Matuto

Subukan ang mga sumusunod upang matulungan ang iyong anak na magkaroon ng mga bagong kakayahan.

### Go from the known to the unknown.

Pumunta mula sa nalalaman na hanggang sa hindi pa. Hayaan ang iyong anak na gumawa kung saan siya may alam na bago mo siya tanungin na mag-umpisa ng panibago. Halimbawa, tulungan mo siyang bumuo ng alam na niyang palaisipan (puzzle), saka mo siya hayaang magsariling bumuo ng panibago. Ibigay mo sa anak mo ang lahat ng mga palatandaang kailangan upang makamit ang tagumpay sa unang pagkakataon. Sa ganitong paraan, ang hindi alam ay magiging hamong laro, at hindi ito dapat katakutan.

### Dagdagan ng sarisaring uri ang mga gawain sa araw-araw.

Pag-iba-ibahin ang bawat araw na gawain ng iyong anak sa pagpapasimula ng bagong pagkain o pag-imbita ng mga kaibigan na kumain sa tanghalian.

### Bagayan ang mga gawain sa haba ng dagliang pansin.

Panatiliing madali ang gawain upang bumagay sa abilidad ng iyong anak na mag-isip. Kung hindi humahaba ang panahong pag-iisip ng iyong anak kahit inuulit-ulit ang pagsisikap, maaaring kailangan ang espesyal na ensayo. Maaari mong kausapin ang iyong doktor sa pamilya o tawagin ang iyong paaralan sa kanilang lokal na pamamaraan sa Hanap Bata (Child Find) upang mapag-usapan ang anumang pagkabahala sa bagay na ito.

### Alamin ang hangganan ng iyong anak.

Iba-ibahin ang mga posisyon kung saan naglalaro ang iyong anak. Gawing abot-kamay ang mga bagay. Magtakda ng antas na ingay sa paligid ng iyong anak. Pakiramdaman ang kalooban ng iyong anak, ang kanyang kinawiwilihan at pangangailangan. Isipin na ang pakikibagay ay maaaring kailangan ng mga batang may kapansanan sa pagdama o yaong may hangganan sa kanilang paggalaw.

### Puriin ang pag-sisikap ng iyong anak.

Gumawa ng sitwasyon na maging matagumpay ang iyong anak, saka mo ipakita ang iyong kagalakan sa kanyang tagumpay sa pamamagitan ng pag-akap, ngiti, o espesyal na pabor. Tulungan ang iyong anak kung nakikita mo siyang nahihirapan at puriin mo siya ng husto sa ginawang pagsubok sa gawain.

### Makipaglaro sa iyong anak!

Gawing kasiya-siya ang pag-aaral, lalo na sa mga bata! Piliin ang mga gawain at mga laruan na naaangkop sa antas ng pag-unlad ng iyong anak at tulungan siya na magsaya habang natututo.

## Gawin ang Kapaligiran ng iyong Tahanan na Pagmulan ng Unang Karunungan para sa Iyong Anak

Ipinapakita ng pananaliksik na nag-uumpisa ang mga sanggol na matuto mula sa kapanganakan. Gumawa ng mapag-aruga at kasiya-siyang kapaligiran kung saan matututo at lalaki ang iyong anak. Ang kapaligiran ng iyong anak ay kinabibilangan ng lahat ng lugar, mga bagay-bagay at tao na aapekto sa buhay niya.

Ang mga sumusunod na kuro-kuro at mga gawain ay iminumungkahi na pamamaraan na maaari mong gawin upang magkaroon ng positibong kapaligiran upang matuto sa tahanan. Palaging sundin ang mga babalang pangkaligtasan at hanggat maaari, kausapin ang maagang tagapag-aruga ng iyong anak, guro o terapewtika upang makasiguro na ang mga gawain ay naaangkop sa iyong anak.



**Paalala: Palaging piliin ang mga gawain na naaangkop sa antas ng pag-unlad ng iyong anak.**

Pumili ng mga gawain na tumutugma sa antas ng pag-unlad ng iyong anak at himukin ang pagpapatuloy sa susunod na antas. Kapag ikaw ay nakikipaglaro sa iyong anak, isulat ang maaari niyang gawing mag-isa, kung anong maaari niyang gawin na nangangailangan ng kaunting tulong lamang, mga gawaing nangangailangan ng maraming tulong, ang mga bagay na talagang hindi niya maaaring gawin. Para sa mga gawain na nangangailangan ng tulong, isulat ang dami ng tulong na kailangan mong ibigay.

## IMINUMUNGKAHING MGA GAWAIN

### Kapag ang iyong anak ay isang sanggol...

**Gawin mong madali ang paggalaw ng *sanggol* sa kanyang paligid.**
Pahigain ang iyong sanggol sa rug o tuwalya sa sahig. Tiyakin na nakakagalaw siya ng malaya at ligtas. Makipaglaro ka sa kanya. Pasiglahin ang kanyang pagsipa ng mga paa at pagtaas ng mga kamay sa pag-abot.

**Hipuin ang *sanggol* upang sumigla ang paggalaw ng mga parte ng katawan na iyong hinipo.**
Ihipan ang mga kamay at mga paa ng iyong sanggol. Magaan mong hipuin ang mga paa at mga kamay. Kung hindi siya gagalaw sa pagsagot sa iyong paghipo, galawin ang kanyang mga kamay at mga paa sa galaw na gusto mong gawin ninyo.

**Iba-ibahin ang posisyon ng *sanggol* upang matulungan mo siyang masanay sa mahahalagang galaw ng kanyang katawan.**
Ang mga pangunahing galaw ng katawan ay nangyayari bago magamit ng buo ang mga kamay at mga paa ng iyong sanggol. Sanayin mo siya sa ibat-ibang posisyon. Kargahin mo siya sa iyong mga braso. Pahigain mo siya sa kanyang tiyan at likod. Itagilid mo siya na gamit ang matibay na unan.

**Bigyan ng ibat-ibang uri ng pampasigla upang gumanyak ang galaw ng mata, ulo at katawan.**
Iba-ibahin ang ginagamit mong kapaligiran para sa iyong sanggol. Katulad halimbawa, magsabit ng matingkad na kulay na may gumagalaw na bagay sa taas ng kuna. Sa kalaunan, kapag lumaki na siya ng kaunti, maglagay ng simpleng larawan sa isa o magkabilang sulok ng kuna. Dalasan ang pagpapalit sa kanyang kinalalagyan sa bahay.

**Pasiglahin ang pandamdam ng iyong *sanggol*.**
Pasiglahin ang lahat ng pandamdam ng iyong sanggol – paghipo, pagtikim, pag-amoy, pakinig at pagtingin. Masahiin ang kanyang mga kamay at paa sa banyera at hayaan siyang sumipa at magsaboy ng tubig. Maghagisan ang dalawang tao ng bolang may matingkad na kulay habang ang iyong sanggol ay nasa gitna upang masundan niya ang galaw ng bola. Hayaan mo siyang humipo ng ibat-ibang yari ng espongha, gomang bola, at gamit pangpinta.

**Tignan ang talangguhit sa Mga Milyahe sa Pagpapa-unlad sa KATULONG NG MAGULANG upang malaman mo kung papaano lumalaki ang iyong *sanggol*.**
Kasama mo ang iyong sanggol sa pagsaliksik kung paano siya lumalaki. Magbigay ng ibat-ibang bagay upang sumigla ang pagkuha ng mga sagot. Gumamit ng simpleng bagay katulad ng may kulay na ribon na nakatali sa poste ng kuna, malambot na gomang bola at may matitingkad na kulay ng mga laruang hayop (stuffed toys).

### Kapag handa na ang iyong anak na magsiyasat...

**Bumuo ng mga sitwasyon sa matagumpay na pag-aaral.**
Itagilid ang iyong anak sa angulong madali siyang makagulong. Unti-untihin mong bawasan ang pagtulong sa kanya hanggang kaya na niyang gumulong ng sarili. Pasiglahin siya sa paggamit ng mga laruang matitingkad ang kulay.

**Ganyakin ang iyong anak na gumalaw.**

Ikaw ang maaaring pinakamagaling gumanyak sa iyong anak. Habang ang iyong anak ay nasa kanyang tiyan, harapin mo siya at hikayating lumapit sa iyo. Sa una, maaari niyang itulak lamang ang kanyang mga braso at itaas ang kanyang ulo upang tumingin sa iyo ngunit sa malaunan, igagalaw niya ang kanyang mga kamay at paa upang abutin ka.

**Gamitin ang pag-uusisa ng anak mo tungkol sa kanyang sarili.**

Laruin mo ang iyong anak sa harap ng salamin habang ito ay nasa iyong kandungan. Paupuin mo siya o ilagay mo siya sa kanyang tiyan upang maglaro.

**Samantalahin ang pang-araw-araw na ginagawa bilang mga pagkakataong matuto.**

Pagkatapos paliguan ang iyong anak, pabayaan mo siyang masanay gumulong sa pamamagitan ng maluwag na balot sa kanya na tuwalya o kumot at paunti-unting hilain ang dulo ng tuwalya hanggang siya ay gugulong. Kapag may lakas na siya, gumamit ng "jumper" na upuan o upuan ng sanggol kung saan siya makakapaglaro habang may ginagawa ka.

## Kapag handa na ang iyong anak na gamiting ang mga kamay...

**Pasiglahin ang galaw ng kamay.**

Hayaan mong matutunan ng iyong anak ang ibat-ibang galaw ng kanyang mga kamay at mga daliri. Tulungan mo siya sa pag-ikot ng ang kanyang mga kamay at galanggalangan (wrist), gawing pumalakpag ang mga kamay, humawak at bumitaw ng mga bagay-bagay. Tulungan mo siyang humawak ng mga bagay-bagay na gamit ang mga daliri.

**Himukin ang pag-unlad sa simpleng kakayahan ng pinong motor**

Ang pinong motor na gawain ay kombinasyon ng ilang paggalaw. Himukin ang iyong anak na humawak sa isang bagay at pagkatapos ay gumawa ng aksiyon katulad ng paghulog nito, paglalagay sa isang bagay, pagkalog nito, pagkalampag nito, o paglalagay sa kabilang kamay. Gumamit ng maiingay na bagay katulad ng lagayan ng monggo (bean bags), kampanilya, at mga kalantugin. Iba-ibahin ang yari sa paggamit ng goma at telang bola, metal at gamit sa pagkain gawa sa goma.

**Himukin ang pagbuo ng higit pang mahirap sa kakayahan ng pinong motor**

Ang fine motor na ugali ay nagsisimula sa madali hanggang sa higit pang mahirap na gawain – mula sa pagtugon sa pagbitaw ng hawak hanggang sa pakay na galaw na may hawak na bagay sa kamay. Humawak ng laruan na malapit sa kamay na gustong gamitin ng iyong anak. Tulungan mo siyang humawak ng laruan na gamit ang kayang mga daliri. Pagkatapos ay hayaan mong bitawan niya ang laruan sa isang kahon. Sa paglipas ng panahon, bawasan mo ang tulong at liitan din ang kahon. Kapag natututo na ang iyong anak na maging tama, siya ay handa na sa mga bagay-bagay na pinagpapatung-patong. Sa paglipas ng panahon, makakaya na niya ang pagpapatong ng mga maliliit na bagay katulad ng mga bloke, at pagkasyahin ang mga maliliit na bagay katulad ng mga pakong kahoy sa mga butas.

**Himuking matuto sa paggamit ng mga daliri.**

Kailangan ng iyong anak na matutong gumamit ng kanyang mga daliri sa mga bagay-bagay na maaari niyang hawakan. Pagpinta sa mga daliri at laro sa tubig ay dalawa sa mga gawaing nakakatulong sa pag-unlad ng pandama ng galaw. Ang malawak at pabilog na galaw ay maaaring gawin mayroon man o walang krayola o lapis. Malapad at maliit mang pagsusulat ay kailangan pagsiglahin. Ang paggaya sa galaw ay maaaring pasimulan sa panahong ito. Tiyakin lamang ang paggamit ng may malalaking hawakang bras (brushes) at matatabang krayola at lapis.

**Himuking gumamit ng hinlalaki at mga daliri upang makabuo ng gawaing higit pang mahirap na gawaing sa pinong motor.**

Gumamit ng "finger pops" o maliit na gomang laruang tumutunog na pangpaganyak. Himukin ang iyong anak na gayahin ang paghawak mo sa laruan. Habang gumagaling ang paghawak ng iyong anak, (karaniwan sa panahong malapit na siya sa preschool), siya ay handa na sa mga gawaing paggugupit. Sa umpisa, kaya niyang gumupit ng kapiraso na hindi sumusunod sa linya. Sa kalaunan, kapag siya ay handa nang gumupit ng mga hugis, tulungan mo siya sa pagbaliktad ng papel at ituro mo kung saan siya gugupit.

# Himukin ang Pag-unlad ng iyong Anak

**Subukan ang mga sumusunod na mga gawain sa upang lalo pang sumigla ang paglaki at pag-unlad ng iyong anak.**

**Kapag siya ay gumawa ng nakakatuwang ingay**
Ngumiti at purihin ang iyong anak at himuking gawin ulit. Ulitin ang tunog o maglaro kung saan isa sa inyo ay maghihintay ng kanyang panahon sa paggaya ng tunog katulad ng palakpak, pagkalampag at pagsaboy.

**Kapag kumilos siya para sa isang bagay**
Sabihin ang pangalan ng bagay, at bago mo ibigay ito, hintayin mo munang subukan niyang gayahin ang sinabi mo.

**Kapag nagpakita siya ng pagkawili sa isang partikular na gawain, lugar o bagay**
Sabihan mo siya ng mga salita at mga kwento na may kaugnayan sa gawain o lugar na makakadadagdag sa kanyang pananalita. Halimbawa, kung gusto niyang panoorin kang gumawa ng biskwit, habang inihahanda mo ang masa sa biskuwit maari mong sabihin ang "Una magsalin ng gatas. Pagkapos ay haluin." O kung gusto niya ang palahayupan (zoo) (at sino ang ayaw?), dalhin mo siya doon at sabihin mo ang tungkol sa karanasan – ang mga hayop, ang kapaligiran, ang amoy.

**Kapag siya ay nagiging maselan o bugnutin**
Subukang "bigyan ng kahulugan" ang kanyang ipinahihiwatig, saka mo sabihin sa kanya. Halimbawa, maaari mong sabihin "Kailangan ni Jack nang magpahinga" o "Kailangan ni Jack ang katas na inumin".

**Kapag tumugon siya sa ingay**
Makinig kayong pareho at pag-usapan ang tungkol sa ingay.

**Kapag binibigyan niya ng pangalan ang mga bagay-bagay at gumagamit ng mga salitang may pagkilos katulad ng "lakad at hinto"**
Gumamit ng dalawa o tatlong salitang pangungusap at gamitin ang ilang bagong salita. Halimbawa, maaari mong sabihin "Gusto ni Jane ang gatas" o "maglaro kayo ng bola ni Mommy".

**Kapag nakakapagsabi na siya ng ilang salita**
Mag-umpisa ng isang talaan na nakasulat ang mga salita at idikit ito sa sentrong lugar. Habang natututo siya ng mga bagong salita, idagdag mo sila sa talaan at pabayaan mo ang iyong buong pamilya na gamitin ang mga ito.

**Kapag nag-umpisa na siyang gumamit ng tatlo o apat na salita sa pangungusap**
Dagdagan ng salitang nagsasalarawan sa iyong pangungusap. Halimbawa, "Gusto ni Tammy ang malamig na gatas." O "Kantahin ang kata ng tahimik".

**Kapag nag-umpisa siyang makinig ng tugtugin**
Ipakita ang iyong pagkampi at paggamit ng tugtugin sa mga laro, mga kanta, sayaw at "kapanahonan ng pagsasaya".

**Kapag natutunan na niya ang lahat o bahagi ng kanta**
Hayaan mo siyang kumanta para sa taong may paghangang makinig at pumalakpak.

**Kapag nag-umpisa na siyang manood ng telebisyon**
Piliin ang mga programang panonoorin ninyong dalawa at himukin ang paggamit ng bagong salita at kaisipan.

**Kapag gusto na niyang basahan mo siya**
Himukin mo siyang magsabi ng mga salita na alam na niya sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan na nakakapagbigay ng palatandaan, bago mo unti-untihing dagdagan ang kanyang paglahok sa usapan.

**Ginagaya ang kanyang naririnig at nakikita**
Gumamit ng malamanyika (puppet) upang mahimuk ang paggaya, kaisipan, at pagpapakita ng pagiging uliran.

**Kapag tinatanong ka niya**
Gumamit ng maiksi, maliwanag na mga pangungusap. Ang pagsagot sa katanungan ng iyong anak ay nag-uudyok ng kuryusidad at kawilihang matuto!

# Sa Kapaligiran ng Bahay:
## Halimbawa ng mga Gawaing Maituturo para sa mga Batang may Kapansanan

Ang mga kabataan, kasama na rito ang mga batang musmos na may kapansanan, ay maraming matututunan sa tahanang ginagalawan. Ang mga pang-araw-araw na gawain ay nagbibigay ng magandang pagkakataon upang matuto ng mga bagong kakayahan. Isangkot ang iyong anak sa mga gawaing bahay katulad ng paghahanda ng pagkain, paglalabas ng basura, paglalaba ng damit, at pamimili sa groserya. Ang mga sumusunod na halimbawang maaaring maituro ay naglalarawan kung paano ang pang-araw-araw na gawain ay makakapagbigay ng magandang pagkakataon upang matuto.

---

### Halimbawa ng Gawaing Maituturo #1:
### SI STACEY AT NG KANYANG NANAY

Ginagamit ng nanay ni Stacey ang kasangkapang panlinis ng dumi (vacuum cleaner) upang pasiglahin ang pakikipag-usap kay Stacey.

**Paglalarawan:** Halos magdadalawang taong gulang na si Stacey at mayroon siyang kapansin-pansin na mga mata at tumatalbog na nakataling buhok (pony tail). May suot siyang dalawang gamit sa pandinig (hearing aids) at mayroon siyang "celebral palsy". Hindi pa siya nakakalakad ngunit maayos siyang nakakaupo sa isang pasadya at mataas na upuan.

Kinikilala ng mga doktor ni Stacey na may matinding kahinaan siya sa motor sa unang mga buwan ng kanyang buhay ngunit ang pagiging bingi niya ay hindi nalaman hanggang sa napuna ng mga magulang na mayroong problema. Pagkatapos masiyasat ng dalubhasang audiologo, nabigyan siya ng gamit sa pandinig at isang malakas na tagasalin ng tunog (powerful sound transmitter) na kanyang gamit sa dibdib. Naniniwala ang audiyologo ni Stacey na kailangan nitong matutong makinig sa mga malalakas na ingay at maintidihan kung ano ang pinagmumulan ng ingay na ito. Ang pag-aaral makinig – tinatawag din itong pagsasanay sa pakikinig – ay sabay nangyayari habang siya ay natututo rin sa madaling mga galaw at senyas na lenguahe.

**Gawain:** Si Stacey at ng kanyang nanay ay naglalaro ng "larong pagdinig" (the listening game) habang gumagamit ng kasangkapang panlinis ng dumi sa karpet sa sala ng bahay. Ang mga alituntunin sa laro ay madali lamang. Gusto ng nanay na sumagot ng kahit papaano si Stacey kapag naririnig nito ang kasangkapan na gumagana, at sa ibang paraan naman kung marinig niyang huminto na ito.


Ang hudyat na gamit ni Stacey para sa "oo" at "hindi" ay sarili niyang nilikha. Napuna ng mga magulang ni Stacey na kapag gusto niyang magpakarga o gusto pa ang kanyang paboritong pagkain, "isusulong" niya ng kaunti ang kanyang ulo. Tinandaan ng kanyang magulang ang sadyang galaw na ito at ipinakita kay Stacey kung paano niya sasabihing "hindi" kapag ibinaba niya ang kanyang baba. Nasanay siyang magsabi ng "hindi" sa gulay na "spinach at beets". Ang pagpapahayag ni Stacey ng ganitong galaw ang naging umpisa ng makatotohanang pamamaraan ng komunikasyon sa pagitan ni Stacey at ng kanyang pamilya.

Inuumpisahan ng nanay ang larong pagdinig sa pamamagitan ng pagtulong kay Stacey na ilagay sa "on" at tinutulungan niyang pakiramdaman ang pagyanig at paghigop ng tubo. Sa kaunting Cheerios, ipinapakita niya kay Stacey kung papaano ang paggamit ng kasangkapan. Kumukumpas siya at nagsasabing "ubos na ang lahat" kung nakikita na ang Cheerios ay nawala na sa pagsipsip ng kasangkapan.

# Sa Kapaligiran ng Bahay:
## Halimbawa ng mga Gawaing Maituturo para sa mga Batang may Kapansanan

Dahil si Stacey ay nakaupo sa tabi ng kasangkapang panlinis ng dumi at ang atensiyon niya ay naandito, naniniwala ang kanyang nanay na naririnig niya ang ingay. Upang mabatid, pinapatay niya ang suwits (switch) ng kasangkapan kapag hindi nakatingin si Stacey. Tinitignan niya ang mukha ni Stacey para sa reaksiyon, ihinuhudyat ang "no" na galaw, saka itinuturo ang kasangkapan at kumukumpas ng "ubos na ang lahat".

Sabay nilang pinipindot ang "on" na suwits ng kasangkapan at inilalarawan ng nanay ni Stacey ang "yes" na palatandaan habang nakaturo sa maingay na makina. Inuulit-ulit nilang dalawa ang pagpindot ng suwits sa "on" at "off" hanggang maibigay mismo ni Stacey ang palatandaan sa "yes" at "no". Matapos matutunan ni Stacey ang mga patakaran, nagpapatuloy ang nanay niya sa pag linis ng karpet, ngunit humihinto siya ng madalas upang gamitin ang suwits ng kasangkapan sa "on" at "off", upang makita ang mga palatandaan ni Stacey at pinapalakpakan siya dahil sa mabuti nitong pakikinig.



Unti-unting itinutulak ng nanay ni Stacey ang kasangkapan na papalayo sa kanya at papuntang kabila ng karpet, at gumaganyak kay Stacey na makinig ng higit pang mabuti *(at upang malinis ang karpet sa kalaunan)*. Dahil sa gulang ni Stacey at sa haba ng kanyang pansin (span of attention), mayroon lamang silang ilang minuto upang laruin ito bawat araw. Subalit natutunan ni Stacey ang mga patakaran sa larong pagdinig na nagbukas ng maraming pagkakataon upang masanay at matuto sa paligid ng bahay.

**Ginagamit ng nanay ni Stacey ang kasangkapang panlinis ng dumi upang mapasigla ang pakikipag-usap niya kay Stacey.**

Ang mga ibang mga maiingay na kasangkapan sa bahay na maaaring gamitin para sa "larong pakikinig" ay:

- -kasangkapan sa paghugas ng pinggan (dishwasher)
- -kasangkapan sa panghalo (blender)
- -kasangkapan sa panghalo (mixer)
- -kasangkapan sa pantuyo ng buhok (hair dryer)
- -kasangkapan sa pang-ahit (electric shaver)
- -kasangkapan sa panlaba (washing machine)
- -kasangkapan sa pampatuyo ng damit (clothes dryer)
- -telebisyon
- -radyo

Sa labas ng bahay, ang mga bata ay maaaring makarinig ng ingay sa:

- -Busina ng sasakyan
- -Makina ng mga motorsiklo
- -Makina ng saksakyan ng bombero
- -Kasangkapang Nanggagapas ng damo (Lawn mower)

## Halimbawa ng Gawaing Maituturo #2:
## SI MARCUS AT ANG KANYANG LOLO

**Paglalarawan:** Si Marcus ay tatlong taong gulang na lalaki at mayroong "Down's Syndrome". Nakakaintindi siya ng maraming salita at mayroon siyang nasasabing bokabularyo na mga 40 salita (nasasabi niya ng malinaw ang ibang mga salita na higit sa iba). Kahit mahina ang tono ng kanyang kalamnan, siya ay nakakalakad.

**Si Marcus ay dinala ng lolo sa bilihan ng groserya upang tulungan siyang mapasigla ang kanyang bokabularyo.**

Si Marcus ay malugod at mapagmahal na batang lalaki at natutuwa sa paglalaro ng "learning" kasama ang kanyang pamilya. Gustong-gusto ng kanyang pamilya na malaman ang pag-unlad ni Marcus at sinusubaybayan ng maigi habang may bagong kakayahang lumalabas. Naglagay ng talaan ang nanay niya sa pridyeder ng mga salitang maaaring sabihin ni Marcus. Idinadagdag niya sa talaan ang mga natututunan niyang mga bagong salita. Malapit si Marcus sa kanyang lolo.



**Gawain:** Kapag bumibisita ang lolo, siya at si Marcus ay may magandang panahon at ginugugol ang pagbisita sa kanilang pagsasamahan. Kapag pumunta sila sa tindahan ng groserya, minamabuti ng lolo na gamitin ang panahong ito upang tulungan si Marcus sa pag-sulong ng kanyang bokabularyo. Habang kumukuha ang lolo ng mga bagay-bagay sa istante, tinatanong niya si Marcus kung anu-ano ang mga pangalan nito.

Palaging nagsisimula ang lolo sa mga bagay-bagay katulad ng gatas at inumin (juice) dahil alam na ni Marcus na sabihin ang mga ito. Kapag nasabi niyang tama ang pangalan ng mga bagay, ngumingiti ang lolo at pumapalakpak at nagsasabing "magaling kang magsalita, Marcus". Dahil natutuwa si Marcus kapag binabati siya, nagsusumikap siya upang ngumiti, pumalakpak at yumakap ang lolo niya.

Kapag gusto ng lolo na mag-umpisa ng bagong salita, sinasabi niya kay Marcus ang pangalan ng bagay at pinauulit niya ito. Halimbawa, kapag itinuturo ng lolo ang pangalan ng saging, ang sinasabi niya ay "Ito ay saging. Ngayon, ano ito Marcus?" Ano mang pagsisikap, katulad ng "nana", ay tinatanggap at pinupuri ng lolo.

Maingat ang lolo sa pag-umpisa ng paisa-isang salita lamang at binibigyan niya ng pagkakataong masanay si Marcus sa iba pang mga okasyon, katulad ng hapunan, upang ang mga salitang ito ay maging kasama sa binibigkas na bokabyolaryo ni Marcus. Kapag "sinarili" o nasasabi ni Marcus ang salita, ito ay idinadagdag sa talaan sa pridyeder. Maganda ang pakiramdam ni Marcus habang nakikita niyang humahaba ang kanyang talaan.

**KAGAWARANG NG EDUKASYON SA ESTADO NG MARYLAND**
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan
Sangay ng Pamamagitan sa Unang Yugto ng Pagkabata at Edukasyon


James H. DeGraffenreidt, Jr.
Pangulo, Lupon sa Edukasyon sa Estado ng Maryland

Nancy S. Grasmick
Superintende ng mga Paaralan sa Estado

Carol Ann Heath
Pangalawang Superintende sa Estado
Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan

Martin O'Malley
Gobernador


Ang Kagawarang ng Edukasyon sa Estado ng Maryland ay hindi nagdidiskrimina base sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinanggalingan, relihiyon, kapansanan, o kasariang angkop sa mga bagay na may kinalaman sa trabaho o sa pagbibigay daan sa mga programa. Para sa mga katanungan na may kinalaman sa pamamalakad ng Kagawaran, maaaring tawagan ang: Equity Assurance and Compliance Branch, Office of the Deputy State Superintendent for Administration, Maryland State Department of Education, 200 West Baltimore Street, 6th Floor, Baltimore, Maryland 21201-2595, Voice 410-767-0433, Fax 410-767-0431, TTY/TDD 410-333-6442, ww.marylandpublicshools.org.


Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan, IDEA, Parte B, Pondo #H027A020035, pinondohan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagpapagaling. Sang-ayon sa Americans with Disabilities Act (ADA) ang dokumentong ito ay maaaring makukuha sa alternatibong porma, kapag hiningi. Tawagan ang Maryland State Department of Education, Division of Special Education/Early Intervention Services, Early Childhood Intervention and Education Br410-767-0261 Voice; 410-333-8165 Fax.

MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
EQUITY AND EXCELLENCE

Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan • Sangay ng Pamamagitan sa Unang Yugto ng Pagkabata at Edukasyon

*Ulit sa Pagprinta 7/09*